


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 1: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan (El Filibusterismo)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Renato I. Molina Constancia J. Acacio	John Patrick A. Ellorin
Editor:	Evangeline E. Soriano	Edmundo A. Bisquera
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega Gina A. Amoyen	Editha T. Giron Maribeth R. Raranga
Tagaguhit:	Abraham G. Ocan	
Tagalapat:	Abraham G. Ocan	
Regional Layout Artist:	Karl Gabriel G. Buenafe	
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
El Filibusterismo**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo na tutulong sa iyong magkaroon ng pundasyon sa pag-aaral ng kabuuan ng El Filibusterismo.

Sa pagtugon ng mga gawain sa modyul na ito, magiging batayan mo ang mga kasanayan sa Kailigirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo:

- Nasusuri ang pagkakaugnay ng mga pangyayaring napakinggan tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo **F10 PN-Iva-b-83**
- Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:
 - pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda
 - pagpapatunay ng pag-iral ng mga kondisyong ito sa kabuoan o ilang bahagi ng akda
 - pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat ng akda **F10 PB-IVa-b-86**
- Naiuugnay ang kahulugan ng salita batay sa kaligirang pangkasaysayan nito. **F10 PT-IVa-b-82**
- Napahalagahan ang napanood na pagpapaliwanag ng kaligirang pangkasaysayan ng pagkakasulat ng El Filibusterismo sa pamamagitan ng pagbubuod nito gamit ang *timeline*. **F10 PD- Iva-b-81**
- Naisasalaysay ang magkakaugnay na mga pangyayari sa pagkakasulat ng El Filibusterismo. **F10 PS IV-a-b-85**
- Naisusulat ang buod ng kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo batay sa ginawang *timeline*. **F10 PU-IVa-b-85**
- Naipamamalas ang kahusayang magtala ng mahahalagang impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sanggunian. **F10 WG- IV a -b-78**
- Nagagamit ang iba-ibang reperensiya o batis ng impormasyon sa pananaliksik. **F10- ET- Iif-33**

Batid kong ang lahat ng ito ay kaya mo at handa ka nang magsimula.

Tara, simulan na natin!



Subukin

Ang kagitingan ng isang bayani ay masasalamang sa kanyang mga desisyon sa buhay. Maaari na ang isang bayani ay may nasaksihang pangyayari na kailangan niyang isiwalat. Isiniwalat niya ito sa para gisingin ang natutulog na damdaming makabayan ng kanyang kapwa upang ipaglaban ang karapatan at kabutihan ng nakararami. Maaari din na hindi tabak o dahas ang kanyang paraan kundi obra maestrang likha ng panitik. Tulad ng El Filibusterismo ni Rizal.

Narito ang ilang batis ng impormasyong sinaliksik kaugnay nito.

Unang reperensiya (pahayag) – “Inilantad ko lang po ang tunay na kalagayan ng bayan...” tugon ni Gat, Jose Rizal kay Gobernador Emilio Terrero nang ipatawag siya nito sa Malacañang.

Ikalawang reperensiya (tala ng kasaysayan) – Hunyo 26,1892 nang bumalik sa Pilipinas si Gat. Jose Rizal kahit batid niyang kamatayan ang naghihintay sa kaniya.

Ikatlong reperensiya (bahagi ng liham ni Gat. Jose Rizal sa kaibigang Blumentritt) – “Lahat ng punong panlalawigan at mga arsobispo ay naparoonan sa Gobernador-Heneral araw-araw upang ako’y isumbong. Ang buong ahente ng Dominico ay sumulat ng sumbong sa mga alkalde na nakita nila akong lihim na nakikipagpulong sa mga babae at lalaki sa itaas ng bundok. Totoong naglalakad sa bundok kung bukanliwayway... upang damhin ang kalamigan ng umaga ngunit laging may kasamang tenyente ng guardia civil na marunong managalog...”

Panuto: Basahin ang sumusunod na tanong o pahayag at bilugan ang letra ng napiling sagot.

1. Sinong tauhan ang nasa Noli Me Tangere ang nagbalik sa El Filibusterismo upang isakatuparan ang kanyang mga balak?
 - a. Basilio
 - b. Ben Zayb
 - c. Padre Florentino
 - d. Simoun

2. Kanino inialay ni Jose Rizal ang kanyang nobelang Noli Me Tangere?
 - a. Sa Inang Bayan
 - b. Padre Florentino
 - c. Kay Maria Clara
 - d. Sa tatlong Paring Martir

3. Ano ang kahulugan sa Wikang Filipino ng salitang Filibustero?
 - a. Ang paghihiganti
 - b. Ang Pagbabalik-loob
 - c. Ang Pagsusuwail
 - d. Ang Puspusing Pagsunod

4. Paano inilantad ni Gat Jose Rizal ang tunay na kalagayan ng bayan?
 - a. Sa pamamagitan ng pagpapamudmod ng mga polyeto.
 - b. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sarbey sa kanyang mga kakilala.
 - c. Sa pamamagitan ng pagtatanghal sa mga perya tungkol mga nangyayari sa lipunan.
 - d. Sa pamamagitan ng pagsulat ng mga akdang naglalantad ng mga pangyayari sa lipunan.

5. Saang ebanghelyo sa Bibliya hinango ni Rizal ang pamagat na Noli Me Tangere na tumutukoy rin sa kung paano pinagsusuot ng mga patalastas ang mga may ketong upang lubayan sila ng mga makakasalubong nila.
 - a. Juan 20: 13-17
 - b. Gawa 20: 28
 - c. Juan 3:16
 - d. Exodo 3:12

6. Sino ang nagpayo kay Rizal na lisanin ang Pilipinas na agad naman niyang sinunod upang mailayo ang sarili sa kapahamakan?
 - a. Ang Gobernador
 - b. Ang kanyang mga kapatid
 - c. Ang kanyang mga magulang
 - d. Ang kanyang mga kasama sa La Liga

7. Maliban kay Valentin Ventura, ang lahat ay binigyan ni Rizal ng kauna-unahang sipi ng kanyang aklat MALIBAN SA ISA:
 - a. GOMBURZA
 - b. Dr. Blumentritt
 - c. Marcelo H. Del Pilar
 - d. Graciano Lopez Jaena

8. Ang lahat ay bahagi o tema sa Count of Monte Cristo na nahahawig sa El Filibusterismo ni Rizal MALIBAN SA ISA.
 - a. Paghihiganti
 - b. Paggamit ng rebolusyonaryong paksa
 - c. pagkakaroon ng pangalawang pagkakataon.
 - d. paggamit ng limpak-limpak na kayamananang itinapon o itinago sa kailaliman ng dagat at nahanap ng pangunahing tauhan

9. Saan nailimbag ang nobelang El Filibusterismo?
 - a. Belgium
 - b. Espanya
 - c. Inglatera
 - d. Pilipinas

10. Alin sa mga akdang naging inspirasyon ni Rizal ang nagpapakita ng paggamit ng limpak-limpak na kayamanang itinaon o itinago sa kailaliman ng dagat at nahanap ng pangunahing tauhan?
- | | |
|------------------|------------------------------|
| a. Ang Biblia | c. A Tale of Two Cities |
| b. Les Miserable | b. The Count of Monte Cristo |
11. Si Edmund Dantes ang pangunahing tauhan sa The Count of Monte Cristo, Si Jean Valjean sa Les Miserables, samantang si _____ ang pangunahing tauhan sa El Filibusterismo.
- | | |
|-------------|---------------------|
| a. Basilio | c. Padre Florentino |
| b. Ben Zayb | d. Simoun |
12. Saan sinumulang isulat ni Rizal ang El Filibusterismo?
- | | |
|------------|--------------|
| a. Belgium | c. Inglatera |
| b. Espanya | d. Pilipinas |
13. Sino ang matalik na kaibigan ni Rizal na tumulong upang maipagpatuloy ang paglilimbag ng kanyang nobelang El Filibusterismo?
- | | |
|--------------------|-------------------------|
| a. V. Ventura | c. Marcelo H. Del Pilar |
| b. Dr. Blumentritt | d. Graciano Lopez Jaena |
14. Ang lahat ay mga pangyayaring naganap sa Pilipinas habang nasa ibang bansa si Rizal, MALIBAN SA ISA:
- Inusig ang kaniyang pamilya kaugnay ng usapin sa lupa na umabot hanggang sa Kataas-taasang Hukuman ng Espanya.
 - Ang tatlong paring sina Don Mariano Gomez, Don Jose Burgos at Don Jacinto Zamora ay binitay sa Bagumbayan.
 - Ipinakasal sa iba ang kaniyang kasintahan (Leonor Rivera).
 - Tinanggihan ng mga pari na ilibing sa maayos na libingan ang isang mabuting Kristiyano na si Mariano Herbosa (asawa ni Lucia Rizal) dahil lamang sa siya ay bayaw ni Jose Rizal.
15. Ano ang naging balakid paglilimbag ng El Filibusterismo?
- Kakulangan sa pondo
 - Pagsamsam sa mga sipi
 - Panggigipit sa mga kamag-anak ni Rizal sa Pilipinas
 - Ipinakasal sa iba ang kaniyang kasintahan na si Leonor Rivera.

Aralin 1

Kaligirang Pangkasaysayan Ng El Filibusterismo



Balikan

Upang lubos nating mapag-ugnay-ugnay ang mga kaalaman na ating nililinang, mas mainam kung babalikan muna natin ang unang nobela ni

Gawain 1: Alalahanin Natin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay kabilang sa kabanata Noli Me Tangere at ekis (X) kung hindi ito kabilang.

- _____ 1. Kabanata 1: Ang Handaan
- _____ 2. Kabanata 7: Suyuan sa Asotea
- _____ 3. Kabanata 8: Maligayang Pasko
- _____ 4. Kabanata 2: Sa Ilalim ng Kubyerta
- _____ 5. Kabanata 16: Si Sisa

Gawain 2: Tanda Mo Pa?

Panuto: Magbigay ng lima (5) na mahahalagang pangyayari sa Noli Me Tangere na tumatak sa iyo habang binabasa ito.

Noli Me Tangere

Mahahalagang Pangyayari

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

ALAM MO BA....?

Na madalas ay hango sa sariling karanasan ng isang manunulat ang paksa o ang ilan sa mga bahagi ng kanyang mga akda? Madalas pa kung hindi man sa lahat ng pagkakataon ay magkakahawig ang ating karanasan sa ibang tao subalit sa ibang paraan at ibang panahon. Ang mga pagkakatulad o pagkakahawig ng mga ito ay hindi maikakailang mababanaag o masasalamin din sa naisulat nang ilang nobela at iba pang mga akda.

Marami tuloy ang nagtatanong—sa loob ng klase, sa simpleng talakayan ng mga mahilig magbasa, sa kumpulan maging ng mga guro, eksperto sa akademiko, maging ng mga kritiko at umiidolo kay Rizal—may kahawig din kayang mga akda ang mga nobela niyang Noli Me Tangere at El Filibusterismo? (Kasama na ang Makamisa na hindi niya na natapos isulat dahil namatay na siya.)

Upang mas mabigyan ng pansin ang kaugnayan ng mga ito sa banyagang nobela, ano kayang mga akda ang maaaring maitulad dito na napanood o nabasa na ng marami at bakit nagiging maugong ang pag-uugnay ng mga ito sa mga nobela ni Rizal?

Maraming pananaliksik at impormal na usapan ang nagsabing makahawig ang El Filibusterismo ni Rizal at *Les Miserables* ni Victor Hugo. Inihambing naman ito ng mga dalubhasa sa *A Tale of Two Cities* ni Charles Dickens. Samantalang pinakamatunog ang pagkukumpara sa nobelang ito ni Rizal sa *The Count of Monte Cristo* ni Alexander Dumas.

Kung susumahin ang mga ideya sa iba't ibang batis ng impormasyon, maitatahi ang kaugnayan ng mga ito sa nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo—batay tema, paksa, at danas ng ilang mga tauhan sa nobela.

Sa *Les Miserables* at *Count of Monte Cristo* (aklat man o pelikula) masasalaming pareho ang kanilang tema ng paghihiganti at pagkakaroon ng pangalawang pagkakataon. Makikitang ang mga pangunahing tauhan na sina Simoun sa El Filibusterismo, Jean Valjean sa *Les Miserables* at Edmund Dantes sa *Count of Monte Cristo* ay gumamit ng rebolusyonaryong paksa na maihahambing sa *A Tale of Two Cities*. Kabilang na ang paggamit ng limpak-limpak na

kayamanang itinaon o itinago sa kailaliman ng dagat at nahanap ng pangunahing tauhang tulad ni Simoun sa El Fili at ni Edmund Dantes sa Count of Monte Cristo na ginamit sa paghihiganti.

Subalit makikita man ang pagkakahawig ng mga akda ni Rizal sa maraming akda, iisa pa rin ang mabubuo at magiging konklusyon natin, na anumang marahas na paraan ay hindi nararapat sa pagtupad ng ating hangarin at ito ay karanasan at aral na bukal sa atin.



Tuklasin

Upang masagot mo ang mga pokus na tanong na: **1.) Bakit mahalagang pag-aralan ang kaligirang kasaysayan ng isang nobela? 2.) Ano ang nagtulak kay Dr. Jose Rizal para isulat ang nobelang El Filibusterismo?** sagutin ang mga kasunod na mga gawain. Anuman ang ginagawa ng sinuman ay hindi maikakaila na may inspirasyon siya at dahilan nito na siya ring pinag-aalayan niya ng kanyang gawa o obra.

Tunghayan natin ang ginawang pag-aalay ni Gat. Jose Rizal sa ikalawang nobelang isinulat—ang El Filibusterismo. Basahin ang Kaligirang Kasaysayan nito. Kung may internet ka, maaring bisitahin at panoorin sa YouTube ang maikling *timeline* ng El Filibusterismo sa link na <https://www.youtube.com/watch?v=oCCVo8QgJ0c>. Pagkatapos basahin, sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

Isang Pag-aalay

Sa alaala ng mga paring sina Don Mariano Gomez (84 taon), Don Jose Burgos (35 taon) at Don Jacinto Zamora (37 taon) na binitay sa Bagumbayan noong ika-17 ng Pebrero 1872.

Ang simbahan sa pagtangi nitong kayo ay hamakin ay nagparamdam na maaaring kayo ay walang kasalanan. Ang Pamahalaan, sa pagbibigay-diin nitong maaaring ang paghusga sa inyo ay bunga ng ilang kamalian ay mayroon ding ibang pinaninindigan. Tinawag nga kayong mga martir at para-parang tinatanggap ninyo ang inyong naging pagkukulang.

Para sa akin, hindi mahalaga kung mapatunayan man o hindi ang pakikilahok ninyo sa pag-aalsa sa Cavite. Kilalanin man kayo o hindi bilang bayani.

Totoo man o hindi na nag-apoy ang inyong mga damdaming makabayan sa ngalan ng katarungan at kalayaan buong pusong pusong inaalay ko pa rin sa inyo ang nobelang ito. Sa inyo na mga biktima ng walang katapusang kasamaang layunin kong harapin at tapusin.

At habang hinihintay naming maghugas ng kanyang kamay ang bansang Espanya sa inyong sinapit na kamatayan, hayaan ninyong magsilbing mga tuyong dahon ng katotohanan ang mga pahina ng nobela ito. At sa sinumang mangangahas na pupula sa inyong alaala bilang mga Martir ng Bagumbayan, hayaan ninyong maligwakan ang kanyang kamay ng sariwang dugong inyong inialay sa sangkapilipinuhan.

- **Jose Rizal**

Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo

Maraming kasawiang dinanas ang mga kamag-anak at mga kaibigan ni Gat. Jose Rizal dahil sa pagkakasulat niya ng Noli Me Tangere na nagpagising at nagpaalab sa damdamin ng mga Pilipino tungkol sa karapatang pambansa.

Nariyan ang mga suliranin sa lupa ng mga magsasaka sa Calamba. Inilapit nila ito kay Rizal na humingi ng tulong sa naging kaibigan na Gobernador Heneral Emilio Terrero. Nabinbin ang kaso dahil sa tinaguriang “makamandag” na babasahing Noli Me Tangere. Nakaranas ng panggigipit ang pamilya ni Rizal. Nakatanggap din siya ng ilang pagbabanta at pagtuligsa.

Sa ganitong senaryo sinimulang isulat ni Rizal ang El Filibusterismo sa Calamba noong 1887. Limang taong pagitan pagkasulat ng Noli Me Tangere. Dahil sa patuloy na pagbabanta sa kaniyang buhay, sinunod ni Rizal ang payo ng gobernador na bumalik sa ibang bansa. Nilisan niya ang Pilipinas noong Pebrero 3, 1888.

Habang nasa ibang bansa, naganap ang kaniyang kinatatakutan:

- Inusig ang kaniyang pamilya kaugnay ng usapin sa lupa na umabot hanggang sa Kataas-taasang Hukuman ng Espanya
- Pinatay na mga kamag-anak na hindi nakakuha ng hustisya
- Tinanggihang ilibing sa libingan ng mga katoliko ang kanyang mga kakilala/
- Ipinakasal sa iba ang kaniyang kasintahan (Leonor Rivera)
- Halos igupo ang kalooban ng bayani dahil sa matinding suliranin sa pananalapi
- Ipinagpatuloy ang pagsulat nito sa Lourdes, Inglatera noong 1890. Sumunod sa Brussels, Belgium na isinulat ang malaking bahagdan ng El

Filibusterismo hanggang sa matapos noong Marso 29, 1891. May ilang talang nagsasabi na may bahagi rin ang El Filibusterismo ang isinulat sa Ghent, Belgium lalong-lalo na ang huling bahagi at pagrerebisa ng manuskripto

- Ayon sa pahayag ng bayani sa isang liham kay Jose Maria Basa, makabayang kaibigan ng bayani, ang manuskripto ng El Filibusterismo ay ibinigay sa palimbagan ng Ghent, Belgium bago matapos ang Mayo, 1891.

Napatigil ang pagpapalimbag hanggang pahina 112 lamang. Bilang pagtanaw ng utang na loob, inialay niya kay G. Ventura ang orihinal na manuskripto ng El Filibusterismo kalakip ng isang inilimbag na sipi na may lagda niya. Binigyan niya ng sipi ang mga matatalik niyang kaibigan. Nariyan si Dr. Blumentritt, Marcelo H. Del Pilar, Graciano Lopez Jaena at Juan Luna.

Ipinadala ang mga siping nasa kahon sa Hongkong at Pilipinas. Ipinasira ng Pamahalaang Espanyol ang halos lahat ng siping nasamsam. May ilang siping nakarating sa kinauukulan at sa mga kilusang nauukol sa paghihimagsik na nagbigay-sigla sa kanilang makabayang adhikain. Labing-isang taon pa lamang ang ating bayani nang maganap ang walang katarungang pagpatay sa tatlong paring martir.

Gawain 1: Tukuyin Natin

Panuto: Piliin sa loob ng tekstong nakakahon ang mga pahayag na aangkop sa mga tanong sa ibaba. Isulat ang napiling sagot sa kuwaderno o sa sagutang papel.

- a) Nagkaroon ng panggigipit sa pamilya at mga kaibigan ni Jose Rizal. Kabilang sa mga panggigipit na ito ay ang pag-usig sa kaniyang pamilya kaugnay ng usapin sa lupa na umabot hanggang sa Kataas-taasang Hukuman ng Espanya, mga kamag-anak na namatay na walang hustisya, mga kakilalang tinanggihang ilibing sa libingan ng mga katoliko, ipinakasal sa iba ang kaniyang kasintahan (Leonor Rivera), namatay ang dalawang kaibigan at marami pang iba.
- b) Walang kalayaan ang mga simpleng mamamayan na ipahayag ang kanilang sarili, kasama na ang paghahari ng mga kapitalista at iba pang may kapangyarihan.
- c) Ang nobelang ito ang nagpakita ng suliraning pang-edukasyon, usapin sa lupa, pati na rin ang mga kanser sa pamamahala ng pamahalaang Espanyol pati na rin ang mga prayle.

Kolum A

(Ano ang kondisyon sa panahong isinulat ang nobela?)



Kolum B

(Ano-ano ang katunayan ng pag-iral ng kondisyong ito sa kabuoan o ilang bahagi?)



Kolum C

(Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat nobela?)



Suriin

Panuto: Suriin ang pagkakaugnay ng mga pangyayaring nabasa tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo. Piliin ang tamang pagkaka-ugnay ng Kaligirang Pangkasaysayan sa hinihiling ng parirala. Isulat ang sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

Kabayanihan ng tatlong Paring Martir	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____
Panggigipit sa Pamilya ni Rizal	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____
Pag-aalsa sa Cavite	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____
Mga Pangyayaring Nabasa	
Pagbabanta sa Buhay ni Rizal	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____
Pagtulong ng kaibigang si Valentin Ventura	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____
Pagsamsam sa mga sipi ng El Filibusterismo	Pagkakaugnay sa Kaligirang Kasaysayan ng El Filibusterismo _____



Pagyamanin

Gawain 1: 'Lika, Magpayaman Tayo!

Panuto: Tukuyin ang kasingkahulugan ng mga salitang nasalungguhitan sa loob ng pangungusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno o sa sagutang papel.

N	W	B	F	D	R	T	H	J	K	A	I
A	M	D	P	R	O	B	L	E	M	A	D
N	A	K	B	C	O	A	N	M	B	A	I
A	K	S	H	A	P	A	L	A	K	A	N
S	N	L	U	N	N	K	A	T	N	B	U
U	T	O	I	T	A	O	R	A	I	H	L
B	R	K	O	I	W	S	A	N	G	I	O
U	D	A	D	H	A	U	W	E	N	S	G
K	O	A	A	A	L	T	A	R	A	D	A
A	P	G	W	K	A	A	N	A	H	U	L
N	A	P	A	H	I	N	T	O	W	A	D

Pahalang:

1. Ang mga sipi ng nobelang El Filibusterismo ay nasamsam ng Pamahalaang Espanyol.
2. Napatigil ang paglilimbag ng El Filibusterismo.
3. Nagkaroon ng suliranin sa lupa ang mga magsasaka sa Calamba, Laguna.

Pababa:

1. Nakaranas ng pagbabanta ang pamilya ni Rizal mula sa mga Espanyol.
2. Inilapit ni Rizal kay Gobernador Heneral Emilio Terrero ang suliranin sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Calamba.

Gawain 2: Magsulat Tayo!

Panuto: Pumili ng sampu (10) na salitang nasa kahon sa Gawain 1 at gamitin ang mga salita sa kahon sa sariling pangungusap. Isulat ang nabuong pangungusap sa kuwaderno o sagutang papel.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

Gawain 3: Mag-match Tayo!

Panuto: Tukuyin sa hanay 2 ang Tugon/Resulta ng mga karanasan ni Rizal sa pagbuo niya ng El Filibusterismo na binanggit sa Hanay 1. Isulat ang napiling letra ng sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

Hanay 1 Karanasan

- _____ 1. Nagkaroon ng pagbabanta sa kanyang buhay
- _____ 2. Pagpatay sa tatlong Paring Martir
- _____ 3. Nagpadala ng tulong pinansyal ang kanyang kaibigang si Valentin Ventura.
- _____ 4. Inuusig ang kanyang pamilya at at mga kamag-anak na pinagkaitan ng hustisya
- _____ 5. Binigo siya ng mga pangyayari dahil sa mga mayayamang Pilipinong nangakong tutulong sa pagpapalimbag ay pawang nakalimot.

Hanay 2 Tugon/Resulta

- a. Inialay ni Rizal kay G. Ventura ang orihinal na manuskripto ng El Filibusterismo kalakip ng isang nilimbag na sipi na may lagda niya.
- b. Napatigil ang pagpapalimbag hanggang pahina 112 lamang.
- c. Sinunod ni Rizal ang payo ng gobernador na bumalik sa ibang bansa.
- d. Naging inspirasyon at alay ni Rizal ang kanyang naisulat na El Filibusterismo.
- e. Hindi nakapigil sa kapasyahang ipagpatuloy ang pagsulat ng El Filibusterismo.



Isaisip


Panuto: Ayon sa nakikita mong iginuhit na larawan, isulat mo ang pagkakaiba ng Pilipinas noon at ngayon. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Noon




Guhit ni Abraham G. Ocan

Ngayon



Guhit ni Abraham G. Ocan



Isagawa

Gawain 1: Ibahagi Natin

Panuto: Magsalaysay ng iyong sariling karanasang makabayan. Bigyan mo ito ng sarili mong pamagat. Isulat ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

“Ang magiging desisyon at aksyon ngayon ay magiging kasaysayan bukas.”
- Jose Rizal

Gawain 2: Ano'ng Masasabi Mo?

Panuto: Sa tulong ng *graphic organizer*, itala ang nakuhang impormasyon, pananaw o maaaring sariling konklusyon kung bakit mahalagang pag-aralan ang El Filibusterismo. Iayos at isulat ang sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

- Upang maging maalam sa mga pangyayaring naganap noong panahon ng pananakop.
- Ipakita ang pinakalayunin ng pagkakasulat ng nobela.
- Upang gisingin ang damdaming makabayan ng mga kabataang Pilipino.

Bakit mahalagang pag-aralan ang El Filibusterismo?









Tayahin

Panuto: Batay sa binasang Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo sa bahaging TUKLASIN, isulat mo ang mga pangyayaring naganap sa nobela sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Rubric para sa Gawain

Maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring: <ul style="list-style-type: none">• Nag-udyok/inspirasyon sa pagbuo• Naganap habang isinusulat - positibo/negatibong suliranin• Naganap pagkatapos isulat - positibo/negatibong suliranin	50 puntos
Detalyadong paglalahad ng mga petsa	25 puntos
May Kaisahan sa Pagtatala ng ga Impormasyong Nasaliksik	25 puntos
Kabuuan	100 puntos

Kasaysayan ng El Filibusterismo



Karagdagang Gawain

Panuto: Dugtungan ang pahayag para mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Mahalaga ang kaalaman sa kaligirang kasaysayan ng El Filibusterismo sa mga kabataan ngayon dahil

Kasaysayan ng El Filibusterismo

<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>



Magaling! Mahusay mong naisagawa ang inaasahang pagganap. Patunay ito na naunawaan mo ang kabuuan ng ating aralin. Iminumungkahi ko na muli mong balikan ang mga pokus na tanong upang matiyak na tama ang kakailanganing pag-unawa na dapat matamo sa katapusan ng aralin.



Susi sa Pagwawasto

Nagkaroon ng panggigipit sa pamilya at mga kaibigan ni Jose Rizal. Kabilang sa mga panggigipit na ito ay ang pag-usig sa kaniyang pamilya kaugnay ng usapin sa lupa na umabot hangang sa kataas-taasang Hukuman ng Espanya, mga kamag-anak na namatay na walang hustiya, mga kakilalang tinanggihang libing sa libingan ng mga katoliko, ipinakasal sa iba ang kaniyang kasintahan (Leonor Rivera), namatay ang dalawang kaibigan at marami pang iba.

Kolum B

Walang kalayaan ang mga simpleng mamamayan na ipahayag ang kanilang sarili, kasama na ang paghahari ng mga kapitalista at iba pang may kapangyarihan.

Kolum A

Tuklasin Gawain 1. Tukuyin Natin

Diskresyon ng Mag-aaral

GAWAIN 2. TANDA MO PA?

1. /
2. /
3. X
4. X
5. /

GAWAIN 1. ALALAHANIN NATIN

Balikin

1. D
2. D
3. C
4. D
5. A
6. A
7. A
8. B
9. A
10. D
11. D
12. D
13. A
14. B
15. A

Subukin

(Modyul 1)

Kolum C
 Ang nobelang ito ang nagpakita suliraning pang-edukasyon, usapin sa lupa, pati na rin ang mga kanser sa pamamahala ng pamahalaang Kastila pati na rin ang prayle.

SURIIN

Nakabatay sa opinion ng mga Mag-aaral

Pagymanin

Gawain 1. Lika, Magpayaman Tayo!

Pahalang

1. Nakamkam

2. Napahinto

3. Problema

Pababa

1. Nasubukan

2. Idinulog

Gawain 2. Magsulat Tayo!

Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

Gawain 3. Mag-match Tayo!

1. E

2. D

3. A

4. C

5. B

ISAISIP- Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

ISAGAWA

Gawain 1. Ibahagi Natin

Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

Gawain 2: Ano'ng Masasabi Mo?

Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

TAyahin- Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

KARAGDAGANG GAWAIN - Diskresyon ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

Sanggunian

Mga Aklat

De Guzman, Maria O. et al. 1960. Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore

De Vera, Estrella et al. 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore.

Websayt

Granada, Gary. 2017. Sino Ka Ba Jose Rizal?

<https://www.youtube.com/watch?v=FPjlsqyb7Iw>

Molina, Renato. 2020. Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo.

<https://www.youtube.com/watch?v=oCCVo8QgJ0c>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph